

# Mga Learning Assessment sa Seminary

# Mga Learning Assessment sa Seminary

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

Ang mga komento at pagwawasto ay pasasalamatan. Mangyaring ipadala ang mga ito sa:

Seminaries and Institutes of Religion Information Services
50 East North Temple Street
Salt Lake City, UT  84150-0008 USA
Email: si-research@ldschurch.org

Isulat lamang ang iyong buong pangalan, address, ward, at stake. Tiyaking ibigay ang pamagat ng learning assessment o ng gabay sa pag-aaral. Pagkatapos ay ibigay ang iyong mga puna.

© 2016 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika
Version 1, 12/16

Pagsang-ayon sa Ingles: 8/16
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/16
Pagsasalin ng *Seminary Learning Assessments*
Tagalog
PD60002566 893

# Mga Nilalaman

Pambungad . . . v
Buod ng mga Learning Assessment . . . vii
Pag-aangkop ng Assessment para sa mga Estudyanteng May mga Kapansanan ix
Mga Gabay sa Pag-aaral . . . 1
Doktrina at mga Tipan 1–75 at Joseph Smith—Kasaysayan . . . 3
Doktrina at mga Tipan 76–Opisyal na Pahayag 2 . . . 5
Lumang Tipan: Genesis–Ruth . . . 7
Lumang Tipan: I Samuel–Malakias . . . 9
Bagong Tipan: Mateo–Juan . . . 11
Bagong Tipan: Mga Gawa–Apocalipsis . . . 14
Aklat ni Mormon: 1 Nephi 1–Alma 16 . . . 17
Aklat ni Mormon: Alma 17–Moroni 10 . . . 20

# Pambungad

# Buod ng mga Learning Assessment

Ang mga learning assessment ay tumutulong sa mga estudyante na maunawaan, maipaliwanag, maipamuhay, at mapatotohanan ang mahahalagang doktrina at alituntunin. Kailangang matagumpay na matapos ang mga learning assessment para sa kurso para mabigyan ng credit.

Bilang mga titser o administrator, maaari kayong maghandang tulungan ang mga estudyante na matagumpay na matapos ang mga learning assessment sa pamamagitan ng panonood sa video na "Best Practices for Learning Assessments" (8:30). Kapag hinikayat kayo ng mga video, rebyuhin at kumpletuhin ang mga bahagi sa dokumentong "Best Practices for Learning Assessments."

Matutulungan din ninyo ang mga estudyante na matagumpay na makumpleto ang mga learning assessment sa patuloy na pagtuturo, pagbibigay-diin, at pagrebyu sa mga pangunahing doktrina at alituntunin sa buong kurso. Ang mga gabay sa pag-aaral ay inilaan para tulungan ang mga titser at estudyante na matukoy ang ilan sa mga pangunahing doktrina at alituntunin ng kurso.

Ang learning assessment software ay tutulungan kang pangasiwaan ang isang learning assessment at makolekta kaagad ang mga resulta. May dalawang opsiyon ka sa pagbibigay ng assessment.

- **Online.** Sa opsiyon na ito ay maaaring gumamit ng computer o mobile device ang mga estudyante para makumpleto ang learning assessment. Ang assessment ay otomatikong minamarkahan, at ang mga estudyante ay tatanggap ng report na nagpapakita ng kanilang marka at kung aling mga tanong ang hindi nila nasagutan.
- **Print.** Sa opsiyon na ito ay maaaring gumamit ng lapis at papel ang mga estudyante para makumpleto ang learning assessment. Bawat bubble sheet ay may kakaibang code para sa bawat estudyante. Ii-scan mo ang bubble sheets, at otomatiko itong mamarkahan.

Ang software training ay available sa sumusunod na mga wika:

Chinese

English

French

German

Italian

Japanese

Korean

Portuguese

Russian

Spanish

# Pag-aangkop ng Assessment para sa mga Estudyanteng may mga Kapansanan

Ang layunin ng pag-aangkop ng assessment ay upang makakuha ng assessment ang mga estudyanteng may partikular na pangangailangan, kapansanan, o problema sa kalusugan na tulad ng iba pang mga estudyante. Dapat gumawa ng marapat na pag-aangkop ang mga titser para matugunan ang partikular na mga pangangailangan, kapansanan, o problema sa kalusugan ng kanilang mga estudyante. Narito ang mga tuntuning isasaalang-alang sa pag-aangkop mo sa iyong mga estudyante:

1. Tukuyin ang mga estudyanteng maaaring may partikular na mga pangangailangan o kapansanan. Kausapin nang sarilinan ang bawat estudyante para malaman ang kanyang (mga) partikular na pangangailangan. Makinig nang mabuti, at maging positibo. Maaari mong kausapin ang mga magulang ng mga estudyanteng ito o ang mga lider ng Simbahan para matulungan kang mas maunawaan ang kanilang partikular na (mga) pangangailangan.

2. Batay sa inyong pag-uusap, gumawa ng plano na angkop na tutugon sa (mga) pangangailangan ng estudyante.

3. Gawin ang ipinlanong pag-aangkop. Ang mga ginawang pag-aangkop ng assessment para sa indibiduwal ay dapat manatiling kumpidensyal. Hindi maililista ang lahat ng posibleng pag-aangkop; gayunman, ang sumusunod ay ilang halimbawa ng mga bagay na posibleng gawin:

   **Presentasyon:** Bigyan ang estudyante ng audio version ng assessment, ilahad ang mga instruksyon at assessment, o magbigay ng malaking print version ng assessment sa estudyante (tingnan sa Learning Assessments website para sa kasalukuyang available na mga format ng assessment).

   **Setting:** Bigyan ng mainam na mauupuan ang estudyante sa silid-aralan, bigyan siya ng lugar na walang gaanong makagagambala, o magbigay ng assessment sa isang maliit na grupo o sa ibang silid.

   **Pag-iskedyul ng test:** Gawin ang assessment sa ilang sesyon o sa loob ng ilang araw, hayaang sagutan nang hindi sunud-sunod ang iba't ibang bahagi ng assessment, gawin ang assessment sa isang partikular na oras, o dagdagan ang oras para matapos ang assessment.

   **Sagot:** Hayaang sabihin ng estudyante ang napili niyang sagot, payagang maidikta ang mga sagot sa isang tagasulat o recorder, o payagang markahan ang mga sagot sa assessment booklet sa halip na sa answer sheet.

4. Iwasan ang mga pag-aangkop na magpapabago o magpapabawas sa inaasahan ng estudyante sa pag-aaral.
5. Ipadama ang pagmamahal na tulad ng kay Cristo sa bawat estudyante, at sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu sa paggawa mo ng pag-aangkop upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga estudyante.
6. Magpunta sa website na ito ng Simbahan para sa iba pang pangkalahatang impormasyon tungkol sa pagtulong sa mga taong may mga kapansanan: lds.org/topics/disability.

# Mga Gabay sa Pag-aaral

# Doktrina at mga Tipan 1–75 at Joseph Smith—Kasaysayan

**Mga tanong sa scripture mastery:** Unawain ang mga doktrinang itinuturo sa mga talata sa scripture mastery.

- Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–20
- Doktrina at mga Tipan 1:37–38
- Doktrina at mga Tipan 6:36
- Doktrina at mga Tipan 8:2–3
- Doktrina at mga Tipan 10:5
- Doktrina at mga Tipan 13:1
- Doktrina at mga Tipan 18:10–11
- Doktrina at mga Tipan 18:15–16
- Doktrina at mga Tipan 19:16–19
- Doktrina at mga Tipan 19:23
- Doktrina at mga Tipan 25:13
- Doktrina at mga Tipan 46:33
- Doktrina at mga Tipan 58:27
- Doktrina at mga Tipan 58:42–43
- Doktrina at mga Tipan 64:9–11

**Mga tanong sa konteksto:** Unawain ang ilan sa mahahalagang pangyayari o salaysay na nakapaligid at nagbibigay ng impormasyon sa isang partikular na talata.

- Patotoo ni Oliver Cowdery na ang gawain ni Joseph Smith ay sa Diyos (tingnan sa D at T 6:22–23)
- Ang pagkawala ng 116 na pahina ng mga manuskrito at ang mga alituntuning natutuhan ni Joseph Smith (tingnan sa D at T 3; 10)
- Mga katotohanang natutuhan mula sa Unang Pangitain (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–20)
- Ang pangkalahatang timeline ng mahahalagang pangyayari: ang Unang Pangitain, pagtanggap ni Joseph sa mga laminang ginto, ang panunumbalik ng priesthood, ang organisasyon ng Simbahan, at ang paglipat sa Kirtland, Ohio
- Ang mga sugong nagpanumbalik ng Aaronic at Melchizedek Priesthood (tingnan sa D at T 13; Joseph Smith—Kasaysayan 1:72)

- Ang tampok na lugar ng Sion at ang mga kahulugang nauugnay sa salitang *Sion* (tingnan sa D at T 57; *Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* [2006], 216–17)

**Mga doktrina at alituntunin:** Unawain ang mga pangunahing doktrina at alituntuning itinuturo sa Doktrina at mga Tipan.

- Mga alituntuning pinagbabatayan ng paghahayag: paghahandang tumanggap ng paghahayag (tingnan sa D at T 9:7–9), pagkilala sa paghahayag (tingnan sa D at T 8:1–5), pag-alam kung ano ang tunay na paghahayag at kung ano ang mga maling ideya (tingnan sa D at T 50:10–36), at pag-unawa na ang propeta ay tumatanggap ng paghahayag upang gabayan ang Simbahan at na ang mga taong may katungkulan ay tumatanggap ng paghahayag para sa kanilang mga responsibilidad (tingnan sa D at T 28:1–7)
- Mga dahilan kung bakit Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang tanging tunay at buhay na simbahan (tingnan sa D at T 1:30; 18:1–5; 27:5–14; 33:1–6)
- Ang itinuturo ng Doktrina at mga Tipan tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo (tingnan sa D at T 29:30–45), binyag (tingnan sa D at T 20:72–74; 22:1–4), sakramento (tingnan sa D at T 20:77, 79; 27:1–2), mga kaloob ng Espiritu (tingnan sa D at T 46:8–26), kasal o pag-aasawa (tingnan sa D at T 49:15–17), gawaing misyonero (tingnan sa D at T 15:6; 33:7–10; 65:1–6), paghahanda para sa Ikalawang Pagparito (tingnan sa D at T 45:32, 39, 57), banal na kasulatan (tingnan sa D at T 68:2–4), batas ng paglalaan (tingnan sa D at T 42:30–42), at Aklat ni Mormon (tingnan sa D at T 20:8–12)
- Ang papel na ginagampanan ni Propetang Joseph Smith sa huling dispensasyon (tingnan sa D at T 27:5–14; 65:2)
- Ang papel na ginagampanan ng propeta sa pagtanggap ng paghahayag para sa Simbahan (tingnan sa D at T 21:1, 4–6; 28:2, 6–7; 43:1–7)

**Mahahalagang kataga:** Unawain ang kahulugan ng mahahalagang kataga.

- Buhay na walang hanggan (tingnan sa D at T 14:7; 20:17–28; 29:22–29; 66:4–13)
- Kawalang-kamatayan (tingnan sa *Tapat sa Pananampalataya,* 16)
- Bago at walang hanggang tipan (tingnan sa D at T 66:2)
- Ang Malawakang Apostasiya at indibiduwal na apostasiya (tingnan sa *Tapat sa Pananampalataya,* 4–5)
- Espirituwal na kamatayan (tingnan sa D at T 29:40–41)

# Doktrina at mga Tipan 76–Opisyal na Pahayag 2

**Mga tanong sa scripture mastery:** Unawain ang mga doktrinang itinuturo sa mga talata sa scripture mastery.

- Doktrina at mga Tipan 76:22–24
- Doktrina at mga Tipan 76:40–41
- Doktrina at mga Tipan 78:19
- Doktrina at mga Tipan 82:10
- Doktrina at mga Tipan 88:124
- Doktrina at mga Tipan 89:18–21
- Doktrina at mga Tipan 107:8
- Doktrina at mga Tipan 121:36, 41–42
- Doktrina at mga Tipan 130:22–23
- Doktrina at mga Tipan 131:1–4

**Mga tanong sa konteksto:** Unawain ang ilan sa mahahalagang pangyayari o salaysay na nakapaligid at nagbibigay ng impormasyon sa isang partikular na talata.

- Ang mga sugong nagpanumbalik sa ilang susi ng priesthood kina Propetang Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Kirtland Temple (tingnan sa D at T 110:11–16)
- Mga alituntuning natutuhan ni Propetang Joseph Smith tungkol sa mga pagsubok habang nasa Liberty Jail (tingnan sa D at T 122:7)
- Ang mga lugar ng malalaking pagtitipon ng mga naunang Banal (tingnan sa D at T 124, section heading; D at T 136, section heading, 1–18; *Doctrine and Covenants and Church History Study Guide for Home-Study Seminary Students* [2013], 339–49)
- Ang pagtatatag ng Relief Society (tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* [2011], 11–32)
- Ang paglabas ng Mahalagang Perlas (tingnan sa *Doctrine and Covenants and Church History Study Guide,* 354–58)

**Mga doktrina at alituntunin:** Unawain ang mga pangunahing doktrina at alituntuning itinuturo sa Doktrina at mga Tipan.

- Ang sumpa at tipan ng priesthood (tingnan sa D at T 84:33–44), pagkabuhay na mag-uli at mga kaharian ng kaluwalhatian (tingnan sa D at T 88:14–24), ang Word of Wisdom (tingnan sa D at T 89), ang Liwanag ni Cristo (tingnan D at T 88:1–13), mga bantay sa tore (tingnan sa D at T 101:43–62), mga disciplinary council ng Simbahan (tingnan D at T 102; *Tapat sa Pananampalataya: Isang*

*Sanggunian sa Ebanghelyo* [2006], 88–89), kailan makatwirang magsagawa ng maramihang pagpapakasal (tingnan sa D at T 132:45, 48), pagsunod (tingnan sa D at T 130:21), at ikapu (tingnan sa D at T 119)

- Gawain sa templo (tingnan sa D at T 109; 110), pagsasagawa ng mga ordenansa para sa ating mga ninuno (tingnan sa D at T 128:15), at pangangaral ng ebanghelyo sa daigdig ng mga espiritu (tingnan sa D at T 138:29–32)
- Pagtanggap sa isang kaharian ng kaluwalhatian at pagtanggap ng kadakilaan sa kahariang selestiyal (tingnan sa D at T 76:30–70; 131:1–4; 137:10)
- Mga katotohanang itinuturo sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" (tingnan sa *Doctrine and Covenants and Church History Study Guide,* 373–76)
- Ang papel na ginagampanan ni Propetang Joseph Smith sa pagpapanumbalik ng katotohanan, mga ordenansa, at priesthood (tingnan sa D at T 135:3)
- Ibinalita ang paghahayag sa Opisyal na Pahayag 2
- Ang paghalili sa Unang Panguluhan kapag namatay ang isang propeta (tingnan sa *Doctrine and Covenants and Church History Study Guide,* 334–39)
- Ang bago at walang hanggang tipan ng kasal (tingnan sa D at T 132:19–21)

**Mahahalagang kataga:** Unawain ang kahulugan ng mahahalagang kataga.

- Ma-endow sa templo (tingnan sa D at T 95:8; 109:22–23)

# Lumang Tipan: Genesis–Ruth

**Mga tanong sa scripture mastery:** Unawain ang mga doktrinang itinuturo sa mga talata sa scripture mastery.

- Moises 1:39
- Moises 7:18
- Abraham 3:22–23
- Genesis 1:26–27
- Genesis 2:24
- Genesis 39:9
- Exodo 19:5–6
- Exodo 20:3–17
- Josue 24:15

**Mga tanong sa konteksto:** Unawain ang ilan sa mahahalagang tala, indibiduwal, kapanahunan, at simbolismo.

- Ang pinakamahalagang mensahe ng Lumang Tipan at ang tinutukoy o kinakatawan ng karamihan sa mga simbolo, batas, larawan, propesiya, at pangyayari sa Lumang tipan (tingnan sa Moises 5:7–8; Mosias 3:13–15)
- Ang simbolismo ng dugo sa haligi ng mga pintuan (tingnan sa Exodo 12:21–23), ang ahas na tanso (tingnan sa Mga Bilang 21:8–9; Alma 33:19–22), at inutusan si Abraham na ialay si Isaac (tingnan sa Genesis 22:10–12; Juan 3:16)
- Ang alam ni Moises na nakatulong sa kanya para madaig si Satanas (tingnan sa Moises 1:4–7, 13)
- Ang mga kautusang ibinigay kina Eva at Adan sa Halamanan ng Eden (tingnan sa Moises 2:26–30; 3:16–17)
- Si Noe at ang Baha: paano maituturing ang Baha na isang pagpapala sa mga espiritung hindi pa isinisilang at sa masasamang taong nabubuhay nang magkaroon ng Baha (tingnan sa Moises 8:22–30; 2 Nephi 26:24; *Old Testament Study Guide for Home-Study Seminary Students* [2015], 38)
- Jacob at Esau: ang mga pagpiling ginawa ni Esau na nagpakita na kinamuhian niya ang kanyang pagkapanganay (tingnan sa Genesis 25:29–34; 26:34–35; *Old Testament Study Guide,* 65–66)
- Ipinagbili si Joseph sa Egipto: mga aral na natutuhan tungkol sa mga pagsubok (tingnan sa Genesis 45:7–8; 50:20–21)
- Pagtawag kay Moises upang iligtas ang Israel: ang sinabi ng Diyos kay Moises para tulungan siyang madaig ang kanyang pag-aalinlangan (tingnan sa Exodo 3:12, 17)

- Mahahalagang aral na natutuhan mula sa Israel sa ilang: ang ibinigay ng Panginoon sa Israel araw-araw para maalala Siya (tingnan sa Exodo 16:4–5), mga pagpapala ng tabernakulo (tingnan sa Exodo 25:8, 22; 29:43–46), paano itinuro ng mga sakripisyong inilarawan sa aklat ng Levitico ang Israel kay Jesucristo (tingnan sa Levitico 1:3–9; 4:20–31; 16:21–22), at ang tugon nina Caleb at Josue sa "masamang ulat" (tingnan sa Mga Bilang 14:7–9)
- Mga aral na natutuhan mula sa pagpasok sa lupang pangako at pagsakop sa Jerico (tingnan sa Josue 6)
- Ang pangkalahatang timeline ng mga pangunahing propeta: Adan, Enoc, Noe, Abraham, at Moises (tingnan sa "Cronolohiya" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan; tingnan din sa LDS.org)
- Mga pangunahing tauhan sa unang bahagi ng Lumang Tipan: Adan, Eva, Moises, Enoc, Noe, Abraham, Lot, Sara, Isaac, Rebeca, Jacob, Rachel, Esau, Jose, Aaron, Caleb, Josue, Balaam, Samson, Gedeon, at Ruth

**Mga doktrina at alituntunin:** Unawain ang mga pangunahing doktrina at alituntuning itinuturo sa Lumang Tipan.

- Ang papel na ginampanan ni Jesucristo sa Paglikha (tingnan sa Moises 1:32–33)
- Mga alituntuning nauugnay sa Pagkahulog: ang ginawa sa premortal na buhay para madaig ang Pagkahulog (tingnan sa Moises 4:2), mga kalagayan matapos ang Pagkahulog (tingnan sa Moises 3:17; 4:11; 5:2; 6:48; 2 Nephi 2:22–23), at ang natutuhan nina Eva at Adan tungkol sa Pagkahulog matapos itong mangyari (tingnan sa Moises 5:9–11)
- Ang mga doktrina ng maipanganak na muli (tingnan sa Moises 6:59), ang tipang abraham (tingnan sa Abraham 1:19; 2:6–11; Genesis 17:1–7), at taos-pusong pagsisisi (tingnan sa *Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* [2006], 153–57)
- Ang natutuhan ni Enoc tungkol sa mga likas na katangian ng Diyos at ni Satanas (tingnan sa Moises 7:26–30)
- Mga aral na natutuhan tungkol sa mga pamilya at kasal mula sa Lumang Tipan: mga dahilan kung bakit ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay inorden ng Diyos (tingnan sa Moises 3:18–25), mga pagpapalang nakalaan sa mga taong nananatiling tapat sa kanilang mga tipan sa templo (tingnan sa Genesis 28:1–22; *Old Testament Study Guide,* 67–69), ang kaugnayan ng mag-asawa sa isa't isa (tingnan sa Moises 3:18–25; Genesis 2:24), mga kautusang ibinigay ng Diyos sa mga taong may-asawa (tingnan sa Moises 2:26–28), at mga kautusang ibinigay ng Diyos sa mga magulang (tingnan sa Moises 6:1, 5–6, 23)

**Mahahalagang kataga:** Unawain ang kahulugan ng mahahalagang kataga.

- Piling tagakita (tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 50:26–27 [sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan]; 2 Nephi 3:6–7)

# Lumang Tipan: I Samuel–Malakias

**Mga tanong sa scripture mastery:** Unawain ang mga doktrinang itinuturo sa mga talata sa scripture mastery.

- I Samuel 16:7
- Mga Awit 24:3–4
- Mga Awit 119:105
- Mga Awit 127:3
- Mga Kawikaan 3:5–6
- Isaias 1:18
- Isaias 5:20
- Isaias 29:13–14
- Isaias 53:3–5
- Isaias 58:6–7
- Isaias 58:13–14
- Jeremias 1:4–5
- Ezekiel 37:15–17
- Amos 3:7
- Malakias 3:8–10
- Malakias 4:5–6

**Mga tanong sa konteksto at nilalaman:** Unawain ang ilan sa mahahalagang tala at kaugnay na mga alituntunin.

- Samuel at Eli: ang itinuturo ng karanasan ni Samuel tungkol sa pag-aaral na makilala ang tinig ng Panginoon (tingnan sa I Samuel 3:4–10)
- Mga dahilan kaya ginusto ng Israel na magkaroon ng hari (tingnan sa I Samuel 8:6–7, 19–20)
- David at Goliath: ang inasahan ni David para matalo si Goliath (tingnan sa I Samuel 17:37, 45–47)
- Pag-alalay ni Uzza sa kaban ng tipan: mga aral na natutuhan tungkol sa pamamahala o pagwawasto sa mga gawain ng Diyos nang walang awtoridad (tingnan sa II Samuel 6:3–7)
- David at Bath-sheba: mga aral na natutuhan tungkol sa pag-iwas sa mga tukso at pagkontrol sa mahahalay na pagnanasa (tingnan sa II Samuel 11:1–5)
- Pagpapakasal ni Salomon sa mga babaeng hindi Israelita: mga bunga ng pagpapakasal sa labas ng tipan (tingnan sa I Mga Hari 11:3–6)

- Si Elias at ang balo ng Sarepta: ang ginawa ng balo nang may pananampalataya (tingnan sa I Mga Hari 17:9–16)
- Si Elias at ang kanyang pakikipaglaban sa mga propeta ni Baal: mga aral na natutuhan tungkol sa kapangyarihan ng Diyos (tingnan sa I Mga Hari 18:26–29, 36–39)
- Naaman: mga aral na natutuhan tungkol sa pagsunod sa propeta (tingnan sa II Mga Hari 5:9–10, 13–14)
- Muling pagtatayo ng templo sa Jerusalem: mga aral na natutuhan mula sa pagsalungat (tingnan sa Ezra 4:4–5; 5:1–5; 6:1–3, 7–8, 14)
- Esther: mga aral tungkol sa katapangan o lakas-ng-loob (tingnan sa Esther 3:6; 4:8, 11, 14; 5:1–2; 7:3–6)
- Job: mga aral na natututuhan tungkol sa mga pagsubok (tingnan sa Job 13:13–16)
- Daniel: mga katotohanang natutuhan mula sa kanyang karanasan sa hukuman ng hari (tingnan sa Daniel 1:3–20)
- Panaginip ni Haring Nabucodonosor: mga katotohanang natutuhan tungkol sa kaharian ng Diyos (tingnan sa Daniel 2:34–35, 44–45; D at T 65:2)
- Sadrach, Mesach, at Abed-nego: mga aral na natutuhan tungkol sa pananampalataya (tingnan sa Daniel 3:14–18)

**Mga doktrina at alituntunin:** Unawain ang mga pangunahing doktrina at alituntuning itinuturo sa Lumang Tipan.

- Mga pagpapala ng pagsamba sa templo (tingnan sa I Mga Hari 8:37–40; tingnan din sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Templo, Bahay ng Panginoon") at pagiging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion (tingnan sa Obadias 1:17, 21; tingnan din sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 488)
- Mga kalagayan sa panahon ng Milenyo (tingnan sa Isaias 65:21–25)
- Pagbabayad-sala ni Jesucristo: paano nagpapatotoo ang Lumang Tipan kay Jesucristo sa pamamagitan ng simbolismo, mga kuwento, mga propeta, at mga talata sa scripture mastery (tingnan sa Moises 6:63; tingnan din sa Mosias 3:15)

**Mahahalagang kataga sa banal na kasulatan:** Unawain ang kahulugan at kahalagahan ng mahahalagang kataga sa mga banal na kasulatan.

- "Aking inanyuan ka sa mga palad ng aking mga kamay" (Isaias 49:16)
- "Ibubuhos ko ang aking espiritu sa lahat ng laman" (Joel 2:28)

# Bagong Tipan: Mateo–Juan

**Mga tanong sa doctrinal mastery:** Unawain ang mga doktrinang itinuturo sa mga talata sa doctrinal mastery.

- Mateo 5:14–16
- Mateo 11:28–30
- Mateo 16:15–19
- Mateo 22:36–39
- Lucas 24:36–39
- Juan 3:5
- Juan 7:17
- Juan 14:15
- Juan 15:16
- Juan 17:3

**Mga tanong sa konteksto at nilalaman:** Unawain ang ilan sa mahahalagang tala at kaugnay na mga alituntunin.

- Bininyagan si Jesus: mga katotohanang natutuhan tungkol sa Panguluhang Diyos (tingnan sa Mateo 3:16–17)
- Tinukso si Jesus: mga aral na natutuhan para mapaglabanan ang tukso (tingnan sa Mateo 4:3–11)
- Tinawag ni Jesus ang Kanyang Labindalawang Apostol: ang natanggap ng mga Apostol pagkatapos silang tawagin (tingnan sa Mateo 10:1–4)
- Naglakad si Pedro sa ibabaw ng tubig: mga aral na natutuhan tungkol sa pagdaig sa ating mga takot at pag-aalinlangan (tingnan sa Mateo 14:28–31)
- Ang kaugalian ng paghuhugas ng mga kamay: mga aral na itinuro ni Jesus tungkol sa mga bagay na nagpaparumi sa atin (tingnan sa Mateo 15:10–20)
- Patotoo ni Pedro: mga aral na natutuhan tungkol sa pagkakaroon ng patotoo (tingnan sa Mateo 16:13–19)
- Ang mga turo ng Panginoon tungkol sa kasal: mga aral na natutuhan tungkol sa kasal (tingnan sa Mateo 19:3–9)
- Ang mga tagubilin ng Tagapagligtas sa mga Apostol matapos Siyang mabuhay na mag-uli (tingnan sa Mateo 28:19–20)
- Pinayuhan ni Jesus ang isang mayamang binata: mga katotohanang tutulong sa atin na magtamo ng buhay na walang hanggan (tingnan sa Marcos 10:17–22)
- Alamin kung sino ang sugong ipinadala upang ihanda ang daan para kay Jesucristo (tingnan sa Lucas 7:27–28).
- Ang talinghaga tungkol sa mabuting Samaritano: isang katotohanang tutulong sa atin na magtamo ng buhay na walang hanggan (tingnan sa Lucas 10:25–37)

- Ang mga talinghaga tungkol sa nawawalang tupa, nawawalang pilak, at ang alibughang anak: mga aral na natutuhan tungkol sa pagtulong sa iba na nawawala o naliligaw ng landas (tingnan sa Lucas 15)
- Itinuro ng Tagapagligtas kay Nicodemo ang kailangang gawin para espirituwal na ipanganak na muli (tingnan sa Juan 3:3–5).
- Alamin kung sino si Jehova, ang Diyos ng Lumang Tipan (tingnan sa Juan 8:56–58).
- Ang simbolismo kay Jesucristo bilang pastol (tingnan sa Juan 10:11–15)
- Hinugasan ni Jesus ang mga paa ng mga Apostol: mga aral na natutuhan tungkol sa paglilingkod (tingnan sa Juan 13:12–17)
- Paano natin maipapakita ang ating pagmamahal sa Tagapagligtas (tingnan sa Juan 14:15)
- Mga tungkulin ng Espiritu Santo (tingnan sa Juan 16:13; tingnan din sa Juan 14:26)
- Isang bagay na itinuro ng Tagapagligtas na kinakailangan para magtamo ng buhay na walang hanggan (tingnan sa Juan 17:3)
- Ang ginawa ng Tagapagligtas para madaig ang kamatayan (tingnan sa Juan 20:17–20; tingnan din sa Juan 5:26)

**Mga doktrina at mga alituntunin:** Unawain ang mga pangunahing doktrina at alituntuning itinuturo sa Bagong Tipan.

- Ang pagsunod sa mga turo at utos ni Jesucristo ay tumutulong sa atin na maging katulad ng ating Ama sa Langit (tingnan sa Mateo 5:48).
- Paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon (tingnan sa Joseph Smith—Mateo 1:38–54)
- Mga dahilan sa pagtanggap ng sakramento (tingnan sa Mateo 26:26–28; Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 26:22, 24–25 [sa Bible appendix o Gabay sa mga Banal na Kasulatan, scriptures.lds.org])
- Mga layunin sa araw ng Sabbath (tingnan sa Marcos 2:23–3:6)
- Paano magkakaroon ng patotoo tungkol sa doktrinang itinuro ni Jesucristo (tingnan sa Juan 7:16–18)
- Maging handang ipaliwanag ang papel na ginagampanan ni Jesucristo sa plano ng kaligtasan at magbigay ng mga dahilan kung bakit Siya ang nararapat magsagawa ng Pagbabayad-sala.
- Maging handang ipaliwanag ang pangangailangan sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at ang mga bunga nito.
- Maging handang ibahagi ang mga katotohanang natutuhan mo na nakatulong sa iyo na mas mapalapit kay Jesucristo.
- Maging handang magbigay ng halimbawa ng isang bagay na ginagawa mo sa school year na ito para mas mapalapit kay Jesucristo.

**Mahahalagang kataga sa banal na kasulatan:** Unawain ang kahulugan at kahalagahan ng mahahalagang kataga sa mga banal na kasulatan.

- Unawain ang ilang mahahalagang kataga sa banal na kasulatan na naglalarawan ng pagdurusa ng Tagapagligtas sa Getsemani (tingnan sa Mateo 26:38–39; Marcos 14:32–34).

# Bagong Tipan: Mga Gawa–Apocalipsis

**Mga tanong sa doctrinal mastery:** Unawain ang mga doktrinang itinuturo sa mga talata sa doctrinal mastery.

- Mga Gawa 3:19–21
- I Mga Taga Corinto 2:5, 9–11
- I Mga Taga Corinto 6:19–20
- I Mga Taga Corinto 11:11
- I Mga Taga Corinto 15:20–22
- I Mga Taga Corinto 15:40-42
- Mga Taga Efeso 2:19–20
- Mga Taga Efeso 4:11–14
- II Mga Taga Tesalonica 2:1–3
- II Kay Timoteo 3:15–17
- Sa Mga Hebreo 12:9
- Santiago 1:5–6
- Santiago 2:17–18
- I Ni Pedro 4:6
- Apocalipsis 20:12

**Mga tanong sa konteksto at nilalaman:** Unawain ang ilan sa mahahalagang tala at kaugnay na mga alituntunin.

- Itinuturo ni Apostol Pedro ang ebanghelyo kay Cornelio: mga aral na natutuhan tungkol sa mga katotohanang natanggap mula sa Diyos (tingnan sa Mga Gawa 10:28–35, 44–48)
- Tinuturuan ni Apostol Pedro si Haring Agripa: ang kailangan para magbalik-loob at maniwala kay Jesucristo (tingnan sa Mga Gawa 26:26–29)
- Ang isinisimbolo ng binyag (tingnan sa Mga Taga Roma 6:3–6)
- Ang itinuro ni Apostol Pablo tungkol sa ating katawan (tingnan sa I Mga Taga Corinto 6:19–20), ang kaugnayan ng mag-asawa sa isa't isa (tingnan sa I Mga Taga Corinto 11:11), ang makakatulong sa atin para mapaglabanan ang mga panganib sa ating panahon (tingnan sa II Kay Timoteo 3:15–17), at pagdaig sa mga pagsubok (tingnan sa Sa Mga Hebreo 12:2–4)
- Mga halimbawa ng mga bunga ng Espiritu (tingnan sa Mga Taga Galacia 5:22–23)
- Mga katotohanan tungkol sa biyaya at mga gawa (tingnan sa Mga Taga Efeso 2:7–10; Santiago 2:17–18)

- Ang tungkuling ginagampanan ng mga propeta at apostol (tingnan sa Mga Taga Efeso 4:11–14)
- Mga pagpapala ng pagsusuot ng buong kagayakan ng Diyos (tingnan sa Mga Taga Efeso 6:11–13)
- Paano nakagawa ng mga himala ang mga propeta sa Lumang Tipan (tingnan sa Sa Mga Hebreo 11)
- Mga katotohanang tumulong sa mga matwid at mabubuti na madaig si Satanas sa buhay bago ang buhay na ito (tingnan sa Apocalipsis 12:11)

**Mga doktrina at alituntunin:** Unawain ang mga pangunahing doktrina at alituntuning itinuturo sa Bagong Tipan.

- Kailan nagsimulang magpropesiya ang mga propeta tungkol sa Panunumbalik ng ebanghelyo (tingnan sa Mga Gawa 3:21)
- Mga pagpapala ng pag-unawa na tayo ay mga anak ng Diyos (tingnan sa Mga Gawa 17:28)
- Ang kinakailangan para makumpleto ang ordenansa ng binyag (tingnan sa Mga Gawa 19:2–6)
- Ang kinakailangan para mapawalang-sala (tingnan sa Mga Taga Roma 3:24–26; tingnan din sa Moroni 10:32–33)
- Mga pagpapala ng pagiging espiritung anak ng ating Ama sa Langit (tingnan sa Mga Taga Roma 8:16–18)
- Paano mauunawaan ang mga bagay ng Diyos (tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:10–11, 14)
- Ang posibleng mangyari dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:20–22)
- Isang pag-unawa sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon: ano ito at ano ang kabilang dito (tingnan sa Mga Taga Efeso 1:10)
- Sino ang panganay sa mga espiritung anak ng Ama sa Langit, ang Lumikha ng lahat ng bagay, ang pinuno ng Simbahan, at ang unang nabuhay na mag-uli (tingnan sa Mga Taga Colosas 1:12–19)
- Mga katotohanan sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo (I Mga Taga Tesalonica 5:1–6)
- Mga katotohanan tungkol kay Jesucristo: ang papel na Kanyang ginagampanan at ang Kanyang mga katangian (tingnan sa Sa Mga Hebreo 1:1–3)
- Mga katotohanang pinagbabatayan sa pagtanggap ng priesthood ng mga tao (tingnan sa Sa Mga Hebreo 5:4)
- Ang magagawa natin kapag kulang tayo sa karunungan (tingnan sa Santiago 1:5–6)
- Ang doktrina ng kaligtasan para sa mga patay: bakit ipinangaral ang ebanghelyo sa mga namatay na (tingnan sa I Ni Pedro 4:6)

**Mahahalagang kataga sa banal na kasulatan:** Unawain ang kahulugan at kahalagahan ng mahahalagang kataga sa mga banal na kasulatan.

- "Kalumbayang mula sa Dios" (II Mga Taga Corinto 7:10; tingnan din sa *Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* [2006], 155)
- "Mga panahon ng pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay" (Mga Gawa 3:21; tingnan din sa Mga Gawa 3:19–21)
- "Dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon" (Mga Taga Efeso 1:10; tingnan din sa D at T 128:18; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Dispensasyon")

# Aklat ni Mormon: 1 Nephi 1–Alma 16

**Mga tanong sa doctrinal mastery:** Unawain ang mga doktrinang itinuturo sa mga talata sa doctrinal mastery.

- 1 Nephi 3:7
- 2 Nephi 2:22–25
- 2 Nephi 2:27
- 2 Nephi 26:33
- 2 Nephi 28:30
- 2 Nephi 32:3
- 2 Nephi 32:8–9
- Mosias 2:17
- Mosias 2:41
- Mosias 3:19
- Mosias 4:9
- Mosias 18:8–10
- Alma 7:11–13

**Mga tanong sa konteksto at nilalaman:** Unawain ang ilan sa mahahalagang tala at kaugnay na mga alituntunin.

- Ang maitutulong ng isang banal na saksi ng Aklat ni Mormon na maipaalam sa isang tao (tingnan sa pambungad sa Aklat ni Mormon, mga talata 8–9)
- Ang pangunahing layunin ng mga manunulat ng Aklat ni Mormon (tingnan sa 1 Nephi 6:4–6; 2 Nephi 25:23)
- Pagkuha ni Nephi sa mga laminang tanso: mga aral na natutuhan tungkol sa pagsunod (tingnan sa 1 Nephi 3:7)
- Bumalik ang mga anak ni Lehi kasama ang pamilya ni Ismael: mga aral na natutuhan tungkol sa kasal o pag-aasawa (tingnan sa 1 Nephi 7:1–5)
- Nilikha ni Nephi ang maliliit na lamina: mga aral na natutuhan tungkol sa pagsunod sa mga kautusan (tingnan sa 1 Nephi 9:3, 5–6; D at T 10:38–45)
- Ang makukuha ng lahat ng tao sa Aklat ni Mormon (tingnan sa 1 Nephi 13:26–29, 39–42)
- Ang Liahona: mga aral na natutuhan tungkol sa pagtanggap ng patnubay mula sa Diyos (tingnan sa 1 Nephi 16:27–29)
- Ang itinuturo ng Aklat ni Mormon tungkol kay Propetang Joseph Smith (tingnan sa 2 Nephi 3:6–8, 15, 24)

- Ang mga propesiya hinggil sa magiging reaksyon ng ilang tao sa mga propeta sa mga huling araw (tingnan sa 2 Nephi 27:1–5)
- Propesiya kung paano isasalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon (tingnan sa 2 Nephi 27:6–23)
- Ang nadarama ng Panginoon tungkol sa kalinisang-puri (tingnan sa Jacob 2:22–35)
- Mga turo ni Haring Benjamin tungkol sa mga pagpapalang natatanggap sa pagsunod sa mga kautusan (tingnan sa Mosias 2:41)
- Ang mga resulta ng paghubad sa likas na tao (tingnan sa Mosias 3:19)
- Ang nalalaman ng mga tagakita (tingnan sa Mosias 8:13–17)
- Ang pagkapoot ng mga Lamanita sa mga Nephita: mga aral na natutuhan tungkol sa pagpapatawad (tingnan sa Mosias 10:12–18)
- Ang pagkaalipin ni Alma at ng kanyang mga tao: mga aral na natutuhan tungkol sa mga pagsubok (tingnan sa Mosias 23:20–24; 24:16–21)
- Ang pangunahing tungkulin ng mga maytaglay ng Melchizedek Priesthood (tingnan sa Alma 13:1–12)

**Mga doktrina at alituntunin:** Unawain ang mga pangunahing doktrina at alituntuning itinuturo sa Aklat ni Mormon.

- Ang kahulugan ng kalayaang moral at kung paano ito umaakma sa plano ng kaligtasan (tingnan sa 2 Nephi 2:5, 14–16, 27–29)
- Ang papel na ginagampanan ni Jesucristo sa plano ng kaligtasan (tingnan sa 2 Nephi 25:19–20)
- Ang likas na katangian ng Ama sa Langit (tingnan sa 2 Nephi 26:33)
- Mga alituntuning nauugnay sa pagtanggap ng mga sagot sa mga tanong at dalangin (tingnan sa 2 Nephi 28:30)
- Dahilan ng pagpapabinyag (tingnan sa 2 Nephi 31:5–7)
- Mga hakbang na kailangang gawin sa paghahanap ng katotohanan (tingnan sa 2 Nephi 32:3, 8–9)
- Ang nadarama ng Panginoon tungkol sa kalinisang-puri (tingnan sa Jacob 2:22–35) at sa kasal o pag-aasawa (tingnan sa Jacob 2:27, 30)
- Ang pinagmumulan ng lahat ng katotohanan (tingnan sa Mosias 4:9)
- Ang tipang ginagawa sa binyag (tingnan sa Mosias 18:9)
- Ang naranasan ni Jesucristo bilang bahagi ng Pagbabayad-sala (tingnan sa Alma 7:11–13)
- Ang ibig sabihin ng mabuhay na mag-uli (tingnan sa Alma 11:42–43)
- Maging handang ipaliwanag ang tatlong alituntunin ng Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman na nasa *Doctrinal Mastery Core Document.*
- Maging handang ipaliwanag ang Pagkahulog nina Eva at Adan at ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

- Maging handang magsulat tungkol sa isang tao o kuwento mula sa iyong pag-aaral ng Aklat ni Mormon na nakaimpluwensya sa iyong buhay.
- Maging handang ibuod nang maikli ang pangitain tungkol sa punungkahoy ng buhay, maipaliwanag ang mga simbolo mula sa pangitain, at maibahagi ang natutuhan mo mula sa isa sa mga simbolo.

# Aklat ni Mormon: Alma 17–Moroni 10

**Mga tanong sa doctrinal mastery:** Unawain ang mga doktrinang itinuturo sa mga talata sa doctrinal mastery.

- Alma 34:9–10
- Alma 39:9
- Alma 41:10
- Helaman 5:12
- 3 Nephi 11:10–11
- 3 Nephi 12:48
- 3 Nephi 18:15, 20–21
- 3 Nephi 27:20
- Eter 12:6
- Eter 12:27
- Moroni 7:45, 47–48
- Moroni 10:4–5

**Mga tanong sa konteksto at nilalaman:** Unawain ang ilan sa mahahalagang tala at kaugnay na mga alituntunin.

- Mga Anti-Nephi-Lehi: mga aral na natutuhan tungkol sa pagbabalik-loob sa Panginoon (tingnan sa Alma 23:5–13)
- Paghahambing ni Alma ng salita sa isang binhi: mga aral at hakbang sa pagpapalakas ng ating pananampalataya (tingnan sa Alma 32)
- Ang likas na katangian ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo (tingnan sa Alma 34:9–10)
- Ang pinakamagandang pagkakataon para matutong sundin ang mga kautusan ng Diyos (tingnan sa Alma 37:35)
- Ang kailangan upang matugunan ang hinihingi ng katarungan (tingnan sa Alma 42:15–31)
- Mga kabataang mandirigma: mga aral na natutuhan tungkol sa pagsunod (tingnan sa Alma 57:21)
- Ang solusyon para maiwasan ang paulit-ulit na kapalaluan at kapahamakan (tingnan sa Helaman 11)
- Mga aral na natutuhan mula sa katuparan ng mga propesiya tungkol sa pagsilang ni Cristo (tingnan sa 3 Nephi 1:1–26)
- Gaano kadalas sundin ni Jesucristo ang kalooban ng Ama sa Langit (tingnan sa 3 Nephi 11:10–11)

- Ang iniuutos sa atin na maging (tingnan sa 3 Nephi 12:48)
- Ang landas tungo sa pagtatamo ng buhay na walang hanggan (tingnan sa 3 Nephi 27:16)
- Ang paanyaya ng Panginoon na mapabanal (tingnan sa 3 Nephi 27:20)
- Ang mga pangako ng Panginoon hinggil sa ating mga kahinaan (tingnan sa Eter 12:27)
- Ang ating responsibilidad sa iba pang mga miyembro ng Simbahan (tingnan sa Moroni 6:4)
- Ang kaloob na pag-ibig sa kapwa-tao (tingnan sa Moroni 7:45, 47–48)
- Ang huwaran sa pagkakaroon ng patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon (tingnan sa Moroni 10:3–5)
- Isa sa mga palatandaan na tinutupad ng Panginoon ang Kanyang pangako na titipunin ang Israel sa mga huling araw (tingnan sa 3 Nephi 21:1–11).

**Mga doktrina at alituntunin:** Unawain ang mga pangunahing doktrina at alituntuning itinuturo sa Aklat ni Mormon.

- Ang likas na kasagraduhan ng kapangyarihang lumikha ng buhay (tingnan sa Alma 39:9)
- Ang ibig sabihin ng mabuhay na mag-uli (tingnan sa Alma 40:21–26)
- Pagsalig ng iyong pundasyon kay Jesucristo (tingnan sa Helaman 5:12)
- Bakit dapat gawin ang lahat ng panalangin, basbas, at ordenansa ng priesthood sa pangalan ni Jesucristo (tingnan sa ikatlong talata ng bahaging "Jesucristo" sa paksa ng doktrina 1, "Ang Panguluhang Diyos," sa *Doctrinal Mastery Core Document;* tingnan din sa 3 Nephi 18:15, 20–21; Moroni 7:28; D at T 45:3–5)
- Ang ating papel bilang mga pinagtipanang tao ng Panginoon (tingnan sa 1 Nephi 22:9; 3 Nephi 20:27; Gabay sa mga Banal na Kasulatan , "Tipang Abraham"; Abraham 2:9–11)
- Ang kailangan para mangyari ang mga himala sa ating buhay (tingnan sa Mormon 9:20)
- Ang kahulugan ng pananampalataya (tingnan sa Eter 12:6)
- Ang uri ng priesthood na kailangan para maibigay ang kaloob na Espiritu Santo (tingnan sa Moroni 2:2, footnote *b; Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* [2006], 174)
- Ang kailangan para makatanggap ng katungkulan sa priesthood (tingnan sa Moroni 3)
- Ang mga pagpapalang ipinangako sa mga panalangin sa sakramento (tingnan sa Moroni 4–5)
- Ang mga pangako at pagpapala ng pagsisisi (tingnan sa Moroni 6:5–9)
- Maging handang magbahagi ng halimbawa kung paano mo ginamit ang isa sa tatlong alituntunin ng Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman sa *Doctrinal*

*Mastery Core Document* para masagot ang isang tanong o malutas ang kinakaharap mong isyu.

- Maging handang ibahagi ang natutuhan mo mula sa pag-aaral tungkol sa pagbisita ng Tagapagligtas sa mga Nephita (tingnan sa 3 Nephi 11–26).
- Maging handang ipaliwanag ang plano ng kaligtasan.
- Maging handang magsulat tungkol sa isang tao o kuwento mula sa iyong pag-aaral ng Aklat ni Mormon na nakaimpluwensya sa iyong buhay.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW